Paano Laruin

Roulette o Roleta

Gawin itong masaya.
Alamin kung paano maglaro bago magsimula.

Ang “Roulette” ay unang naimbento bilang disenyo ng isang “perpetual motion machine” o makinang walang tigil ang galaw, at naging sikat sa Monte Carlo. Isa itong roleta na tuluy-tuloy ang ikot at binibigyan ng pagkakataon ang mga manlalaro na tumaya sa numero na tumutugma sa numero sa loob ng roleta - may pagkakahawig sa “slot machine” o “single number lottery”.

Paano Laruin ang Roulette

Ang “Roulette wheel” ay binubuo ng mga numero mula 1-36, salit-salitang kulay na pula at itim, at 0 at 00 na kulay berde. Pinapaikot ng dealer ang “Roulette wheel” at inihahagis ang bola sa kabilang direksyon. Para manalo, kailangan mong mahulaan kung saan titigil ang bola sa ibabaw ng “Roulette wheel”.

Ang Paglalagay ng Iyong Taya

Ang mga taya ay maaaring ilagay sa isahang mga numero o grupo ng mga numero. Upang tumaya, ilagay ang iyong chips sa ibabaw ng mesa kung saan nakasulat ang mga numero. Ang “Inside bets” ay mga taya gamit ang mga “chips” na walang halaga, na maari mong bilhin sa dealer bago mo ilagay ang iyong taya. Ang “Outside bets” ay mga taya gamit ang mga “chips” na may halaga, o walang halaga. Maaaring tumaya hanggang sabihin ng dealer na “no more bets” o “wala nang taya.”

Kapag tumigil na ang bola, mamarkahan ng dealer ang panalong numero sa layout sa mesa at babayaran ang mga panalong taya.

AGLC
Alberta Gaming & Liquor Commission
Choices Albertans can trust.

GameSense

INSIDE BETS

A Straight Up (Babayaran ng 35:1)
--ang taya ay inilalagay sa isang numero

B Split (Babayaran ng 17:1)
--ang taya ay hinati sa 2 numero

C Street (Babayaran ng 11:1)
--ang taya ay para sa 3 numero na nasa isang hilera

D Corner (Babayaran ng 8:1)
--ang taya ay para sa 4 na numero

E Basket (Babayaran ng 6:1)
--ang taya ay para sa 1, 2, 3 at sa dalawang zero

F Line (Babayaran ng 5:1)
--ang taya ay para sa 6 na numero na nasa dalawang hilera

M Zero Split (Babayaran ng 17:1)
--ang taya ay hinati sa dalawang zero



Outside bets

G Column (Babayaran ng 2:1)
--ang taya ay para sa 12 numero

H Dozen (Babayaran ng 2:1)
--ang taya ay para sa 12 numero

I Low Number (Babayaran ng 1:1)
--ang taya ay para sa mga numero 1–18

J High Number (Babayaran ng 1:1)
--ang taya ay para sa mga numero 19-36

K Red/Black (Babayaran ng 1:1)
--ang taya ay para sa pula o itim na numero

L Odd/Even Number (Babayaran ng 1:1)
--ang taya ay para sa odd o even na numero

Pagsusugal kasama ang GameSense

Ang Roulette ay isang laro ayon sa pagkakataon. Kaya maglaro para magsaya: kung ikaw ay matalo, isipin na lang itong isang gastos para sa libangan.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano laruin ang mga table games, magtanong sa Table Game Dealer o bumisita sa GameSense Info Centre sa lugar na ito o sa GameSenseAB.ca.